



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Relasyon ng Pag-unawa sa Karapatang Pantao

Written by: Dr. Mohamed Chemat



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Umusbong ang relasyon ng pag-unawa at karapatang pantao sa buhay sa pagitan ng iba't ibang lahi ng tao. Isa sa mga importante na ipinag-utos sa mga Propeta at Mensahero ay ang pagpapahayag ng pananampalataya, pag-uugali, pangangalaga sa karapatan ng iba, pag-unawa, at pagkakaisa sa pagitang ng bawat myembro ng pamayanan.

Sa kasaysayan, sa mga naunang sibilisasyon, nasubukan at nasaksihan ang pagkakaroon ng karapatang pantao at pag-unawa sa sa pagitan ng bawat isa- tulad na lamang ng isinalaysay ng mga mananaliksik patungkol sa babylonian laws ng Hammurabi at sa ten commandments. Dahil ang Islam ay konektado sa mga sa mga naunang relihiyon na galing sa Diyos, matatagpuan dito ang ugaling pag-unawa sa kasaysayan man nito o sa pangunahing katuruan.

Sa paghahalintulad na ito sa kasaysayan, sa kahit anong panahon at lugar, maiintindihan natin ngayon na ang ugaling pag-unawa ay patas na nangangalaga sa karangalan at karapatan ng lahat. Kaya naman nagkaroon ng mga kasunduang pandaigdigang para maisatupad ito tulad ng isinatupad ng UNESCO sa isang pagpupulong noong 1995. Dito lininaw ang mga karapatan, pagkakaisa , demokrasya at kapayapaan na kung saan ang United Nation ay nararapat na tumulong para maisagawa ang pag-unawa at pagkakaisa sa pagitan ng iba't ibang lahi at tao. Nagresulta naman ito ng kapatanatagan ng bawat isa dahil mas mapapagtibay ang pagkakaroon ng pagkakaisa at pag-unawa na siya naming magiging tulay sa pagitan ng iba't ibang kultura at relihiyon.

Ang relasyon sa pagitan ng pag-unawa at karapatang pantao ay naisasatupad ng isang sibilisadong bansa sa legal na batas nito -na kung saan naglagay ito ng mga pamantayan para sundin. Maituturing na kabilang ang UAE na isang magandang halimbawa sa pagsasatupad ng pag-unawa at pagbibigay ng karapang pantao. Isa sa mga prayoridad ng bansang ito ay maibigay ang karapatan ng bawat isa. Ito lamang ay sumasalamin ng kultura nito na nagbibigay kalayaan sa mga tao. Ang

patakaran ng bansang ito ay nagpapakita ng katarungan, pagkakapantay-pantay, pag-unawa, pagrespeto sa karapatan ng iba, at pagtulong sa iba na naaayon sa pandaigdigang karapatang pantao.

Ang pag-unawa sa iba ay kultura ng bawat pamayanan. Nagmula ito sa moral na ugali at naging batas sa bawat bansa na nagbigay pansin sa pagkakapantay-pantay ng bawat mamamayan at pagpigil sa diskriminasyon. Ito ang isa sa mga naiambag ng bayan para sa karapatang pantao na kasabay ng karapatan sa kultura, pamayanan, at ekonomiya.